

PROLOGUE

Fifteen years ago...

“I wanna grow old with you...” nakangiting kanta ni *Robbie* kay *Julia*.

Panay ang tulo ng luha ni *Millenn* habang patapos na ang pelikulang ‘*The Wedding Singer*’. Naiyak talaga siya sa tuwa—gandang-ganda siya sa love story ng dalawa.

“O, napa’no ka?” nagtataakang tanong ng mama niya nang makitang namumugto ang kanyang mga mata nang lumabas ng sinehan. “Akala ko ba romantic comedy ’yang pinanood n’yo?”

“Ewan ko diyan, panay ang iyak sa loob,” sagot ng pinsan niyang si *Abby*.

Mas matanda ito sa kanya nang limang taon. She was thirteen years old at second year high school pa lang. Si *Abby* naman ay nasa college na at isinama siyang manood ng sine.

“Samantalang ako, eh, tawa nang tawa!” tuloy nito.

“Natawa din naman ako ah,” depensa ni *Millenn*

sa sarili.

“Eh, bakit nga namugto naman ang mata mo, Anak? Bakit mo iniyakan ’yung sine?”

“Nagandahan po kasi ako, Mama. Nakakakilig... nakakatuwa... ’tapos... very romantic ’yung ending. Naiyak ako kasi akala ko, di na sila magkakatuluyan pero ginawa talaga ni *Robbie* lahat ng paraan para mahabol si *Julia*.”

“Sus, pelikula lang ’yun, ito naman, masyadong affected!” Si Abby uli na nilantakan ang popcorn na di niya naubos.

“Gusto ko gan’un... gan’ung love story! Nangyayari kaya ’yun sa totoong buhay?”

“Ang kulit mo ha, sinabi nang pelikula lang ’yun!” Binato siya ni Abby ng popcorn.

Inakbayan siya ng ina. “Alam mo, Anak, tama ang Ate Abby mo. Huwag kang masyadong padadala sa napanood mo. Gawa-gawa lang ’yun.”

“Alam ko naman po. Sinasabi ko lang na... sana, gan’un din kaganda ang love story ko.”

“Ang bata mo pa, Anak. Mag-aral ka muna. ’Yang love story mo, mangyayari din ’yan, pero di pa ngayon.”

My Heart And Seoul - mydearwriter

“Next time, action na lang panoorin natin,”
sambit ni Abby.

Umirap lang si Millenn.

1

Present day...

Isang white envelope ang tinitingnan ni Millenn habang umiinom ng kape. Alam na niya kung ano ang laman ng makintab na sobre kahit di pa niya nabubuksan.

“Lahat na lang ng tao, nagpapakasal!” Ibinaba niya ang hawak na mug saka binuksan ang envelope.

“Bakit parang galit na galit ka sa mga ikakasal? Bitter Ocampo?” Si Sasha, art director at stylist. Bading ito at best friend niya, kasama niya rin sa *Belle Magazine*.

“Itong ikakasal, she was my batchmate in high school. Kahawig niya ang principal naming old maid, and yet, magpapakasal na siya two weeks from now.”

“At naggingitngit ka dahil.....?”

Napabuntong-hininga si Millenn. Hindi siya galit. Hindi siya naggingitngit. She was jealous... and sad. Pakiramdam niya, lahat na ng taong kakilala niya ay nagsipag-asawa na. Feeling niya, siya na lang ang single! Nasaan ang love story niya? Bakit wala pa

ring nagaganap sa lovelife niya?

“Tell me, Sasha, ano ang diperensya ko? Ano ba ang kailangan kong baguhin para naman magkaroon na ako ng lovelife?” himutok niya sa kaibigan.

“Mars, intimidating kasi ang dating mo. You represent this modern woman na mataas ang standards. Eh, ang mga nakikilala naman natin ay mga male models na parang masasarap na hain ng langit, but let’s face it, medyo hindi ang tipo mo ang type nila.”

“OMG. Gan’un na ba ako kapangit?” Agad na inabot ni Millen ang maliit na salamin sa ibabaw ng desk niya. “Ang chaka ko ba talaga, Mars?”

“React agad?!” Natawa si Sasha. “Alam mo, Girl, hindi ka naman chaka-looking. I mean, honestly, you look okay.” Bumuntong-hininga muna ang bading. “You’re actually fabulous. May taste ka manamit, hindi bastusin o cheap. Hindi ka din mukhang nerd. You’re independent, you have a career... basically, you’re a good catch.”

“Then, what’s wrong with me?”

“It’s not you.... it’s them! They all play around, Darlin’!”

“I can play around!” mabilis na turan niya, although of course, deep inside ay alam niyang kasinungalingan iyon. “I can be as... as hot and playful... and I’m friendly!”

Natawa uli si Sasha. “You’re a fashion editor and a writer, Millenn. Intimidating ang dating mo sa ibang lalaki. Alam mo naman, ayaw ng iba diyan sa tulad nating medyo achiever... lakas maka-insecure.”

“Bakit, masama ba kung may naaabot ang babae?”

“E kasi nga intellectual ang dating ng mga writers. Saka ikaw, taga-media ka... siguro naiisip din ng mga nakikilala natin sa mga events na mahirap makipaglaro sayo... or something. Siyempre nga naman kapag nasaktan ka, baka ma-headline sila at mawalan ng career.”

“Laro na ba ngayon ang relasyon?”

“That’s exactly my point. You always see every relationship as something that would lead to the altar. Hindi gan’un ’yun, my dear. When you enter a relationship, dapat ready ka sa mga consequences. Puwedeng maging successful, puwede din namang hindi. It is always a risk. What is important is that you look at it as an adventure, too. Kaya dapat marunong

kang mag-enjoy.”

“Masama bang maging hopeful na ang kasalukuyan mong relasyon ay hahantong sa altar? I mean, hindi naman tayo mga high school kids na tweetums lang at crush-crush ang alam, di ba? Nasa stage tayo na nagseseryoso.”

“Ang problema nga, mabagal ang mental and emotional growth ng ibang lalaki.”

“Eh, bakit ikaw?”

“Gaga! Babae ako sa isip, sa salita at sa gawa! Hindi ba obvious, ’Teh?”

Nagkatawanan silang dalawa.

Hapon na pero bothered pa rin si Millenn sa naging usapan nila ni Sasha. Aware siya that her biological clock was ticking. She’s twenty-eight years old at gusto na niyang mag-asawa at magkaanak, pero paano? Ni wala siyang dini-date!

Ang pathetic ng life ko, naisip tuloy ng dalaga. Minsan gusto niyang magsisi kung bakit hindi pa siya nag-boyfriend nang maaga para nakapag-asawa na rin siya. Pero alam din niya ang sagot doon. Mas inuna niya ang kanyang career.

In fairness ay enjoy si Millenn sa trabaho dahil bukod sa mahal niya ang pagsusulat, marami siyang taong nakikilala at invited siya lagi sa hottest events in town. Minsan ay sa abroad pa siya pinadadala para mag-cover ng mga fashion shows and product launching. Iyon ang isa sa mga perks ng kanyang pagiging fashion editor, ang mga libreng trips and a lot of goodies. She get to stay at five-star hotels for free kasi lagi silang nabibigyan ng mga gift certificates.

Hay, kung may event lang sana na boyfriend naman ang pinamimigay! Pero alam niyang hanggang wish na lang siya. Dahil kung may ganoon, baka magkaroon ng stampede!

Nagmumuni-muni pa siya sa harap ng laptop nang biglang dumaan ang kanilang editor-in-chief na si Miss Ning.

“Millenn, you’re in dreamland again, Hija.”

“Hi, Madam.” Dali-daling dumerecho ng upo ang dalaga. “Nagco-compose lang po ako ng article sa isip ko,” alibi niya saka mabilis na nagbukas ng page sa Internet.

“By the way, nakita n’yo na ba ang invitation ng *10th Annual Magazine Awards?*”

“Hindi pa po, Madam.”

“Next week na ’yun. Sa *Shangri-La Makati* gagawin. And guess what, may raffle ng trip abroad!” Parang mas excited pa sa kanila si Miss Ning.

“Talaga po? Saan daw?” Naisip ni Millenn na wala man siyang lovelife, babawi na lang siya sa travel.

“Hindi pa nila sinasabi. Sponsor daw kasi ang *Department of Tourism* kaya may mga trips silang ibibigay.”

“Baka naman po trip to Basilan?” biro niya.

“O kaya ay trip to zombieland,” singit ni Sasha.

“Hindi naman. Abroad ang sabi ng organizer. Actually, coverage ’yun para sa isang event,”

“Ah... trabaho pa rin pala.”

“Basta be ready. Kelangan maganda ang presentation ng *Belle Magazine* sa awards night para makarami tayo ng advertisers!”

“Sige po.”

Iyon lang at tinutukan na ni Millenn ang pagsusulat ng article.

Sabado ng gabi ang awards night pero Lunes pa lang ay nagpa-panic na ang lahat ng tao sa opisina nina Millenn. Si Sasha ang nangunguna sa paghahanda ng kanilang special number.

“My gosh, naloloka na ako. Daig pa ng mga kindergarten kids ang staff ni Madam! Ang gugulo sa rehearsal!” angal ni Sasha habang nagla-lunch. “Gusto kong pagkukurutin ang mga hitad!”

“Mga repressed kasi kaya naglaladlad ngayon,” natatawang komento ni Millenn. Mabuti na lang at di na siya kasama sa special number kasi isa siya sa mag-aasikaso sa mga advertisers nila.

“Pero uy, alam mo kung ano ang prize para sa may pinakamagandang special number? Narinig ko lang ito from Madam, ha?”

“Di ko alam. Ang sinabi lang niya, eh, ’yung sa raffle.”

“Boracay for four days for the whole staff!” excited na pahayag ni Sasha.

“Eh, lagi naman ako sa Boracay, remember? Every year nand’un kami.” Mahilig kasing mag-beach ang pamilya ni Millenn at kasama sa kanilang family tradition ang mag-Boracay pag summer.

“Pero masaya kasi buong staff ang makakapagbakasyon, di ba? As in bonggang-bongga!”

“Mas bongga ang prize ng raffle. Trip abroad.”

Nanlaki ang mata ni Sasha sa sinabi ni Millenn.
“Ows? Saan daw?”

“Walang sinabi pero alam ko abroad. Mas type ko 'yun.”

“Sino kaya ang masuwerteng mananalo?”

“Sana ako.” Saka iyon sinundan ni Millenn ng malakas na tawa.

Tatlong bagay ang dahilan kung bakit natulala si Millenn noong dumating ang mismong Sabado, ang gabi ng awards night.

Sa South Korea pala ang destination ng prize sa raffle—to cover the prestigious *World Miss University* sa Seoul. Three weeks na free accommodation sa *Hotel Riviera*. Dalawa lang from the Philippines ang mabibigyan ng chance na pumunta para mag-cover at libre lahat.

Isa siya sa dalawang mapalad na nanalo sa raffle—na ikinatili ni Sasha.

At ang isa ay si Javi Miller, ang supladong travel writer ng *Bound Magazine*.

Gusto niyang matuwa na siya ang nanalo sa raffle. Iyon naman ang gusto ng dalaga, ang makaalis uli para naman maaliw ang isip niya at hindi na siya magmukmok dahil sa kawalan ng lovelife. Pero Korea? Ano naman ang gagawin niya roon? Buti sana kung mahilig siya sa K-Pop at Koreanovela. Si Lee Min Ho lang ang kilala niya.

Ang isa pang malaking bad trip ay ang makasama sa biyahe si Javi, na ipinaglihi yata sa sama ng loob dahil ito ang classic example ng lalaking hindi marunong ngumiti. Ilang beses na niya itong nakita sa mga events, in fact ay dalawang beses na yata silang na-introduce pero ni hindi ito namamansin. Paano niya mae-enjoy ang Korea kung may kasama siyang ‘old maid’?

“Bakla, nanalo ka nga! Nagdilang-anghel ka! This is it!” tuwang-tuwa si Sasha.

Sinalubong siya nito sa ibaba ng stage kasi doon pa ibinigay ang certificate. Ang mismong Tourism Secretary ng Korea ang nag-award sa kanila dahil isa pala ito sa VIP guests nila nang gabing iyon.

“Anong this is it, hindi mo ba narinig? Sa South

Korea daw ang biyahe! Buti sana kung Paris or London ito, di sana naglululundag na ako sa tuwa!” naiinis na bulong ni Millenn sa kaibigan habang naglalakad sila pabalik sa table.

“Luka-luka! Hindi mo ba naisip na baka sa Korea mo matatagpuan ang lovelife na hinahanap mo!”

“Sira! Hindi ako mahilig sa Koreano!”

“Ano ka ba, ang manhid mo talaga! Si Javi Miller ang kasama mo day, haler! Ang guwapu-guwapo kaya!”

“Paano naman naging guwapo ang saksakan ng sungit na lalaking ’yun? Ni hindi nga marunong ngumiti!”

“Ayaw mo niyan, hard to get!” kinikilig pang hirit ni Sasha. “Basta, Mars, kelangan mahulog siya sa ’yong mga kamay! You have three weeks to do that!”

“Sasha, tigilan mo ako!”

Hahampasin sana ni Millenn ng hawak na pamaypay si Sasha nang matigilan. Nakatayo sa harap niya si Javi Miller at seryosong nakatingin.

“Y-yes?” For some strange reason ay bigla siyang nautal!

“Well, congratulations.” Tila nag-isip pa muna ito habang nakatitig sa kanya.

Lumakas tuloy ang kabog ng dibdib ng dalaga dahil para siyang hinuhubaran ng kaharap. Na para bang ginagahasa na siya nito sa isip!

Matangkad si Javi at very authoritative ang dating. Moreno ito at maganda ang pangangatawan. Para itong Pinoy version ni Zac Efron—matangos ang ilong, mapungay ang mata at manipis ang labi na binagayan ng pantay-pantay na mga ngipin.

And strangely, ngayon lang napansin ni Millenn ang mga katangiang iyon ng binata.

No wonder kinikilig si Sasha, naisip niya.

“I guess I’ll see you soon.” Iyon lang at tumalikod na si Javi. Ni hindi na ito lumingon sa kanya.

Naiwang nakanganga si Millenn, habang ang dibdib niya ay dumadagundong sa kaba.

2

Nasa *Ninoy Aquino International Airport Terminal 2* na si Millenn, hila-hila ang malaking luggage na itim at ang kanyang handcarry bag na may lamang laptop at personal na gamit.

Ala una ng hapon ang kanyang flight papuntang Seoul, Korea. Dapat ay kanina pa siya nakarating. Target niyang mag-check-in bago mag-alas onse pero na-traffic siya. Sa Quezon City siya nakatira, malapit lang sana kung tutuusin pero hindi niya ini-expect na bumper to bumper sa *EDSA*. Kaya halos takbuhin na niya papasok ng *NAIA 2*. Malapit na kasing mag-alas doce, baka maiwan siya ng eroplano.

Naririnig na niya ang announcement sa paging system. Tinatawag na ang mga natitirang pasahero na hindi pa nakakapag-check-in dahil malapit na ang boarding sa eroplano ng *Philippine Airlines*.

Diyos ko, Lord! Wala na sanang pila, abut-abot ang dasal ng dalaga. Pinakinggan naman siya ng langit dahil nakita niyang tatlo na lamang ang nakapila sa Counter 9 na siyang tumatanggap ng mga pasaherong patungo sa Seoul, Korea.

“Paging Millenna Sandoval. Paging Millenna Sandoval, please proceed to Counter 9.”

Gulat na gulat ang dalaga sa narinig. Sino ang tatawag sa kanya ng kanyang full name?

“Mabilis ka naman pala.”

Hindi agad nakakilos si Millenn nang makita si Javi na papalapit sa Counter 9. May hawak itong papercup ng kape at isang maliit na bag na obviously ay laptop ang laman.

“Ikaw ba ang nagpa-announce ng pangalan ko sa paging system?” Nag-iinit na ang pisngi ng dalaga sa kabila ng malakas na aircon sa loob ng airport. Feeling niya ay napahiya siya.

“I had to do it. Kanina pa ako nakapag-check-in at wala ka pa.”

“So? Ano naman?” Aware ang dalaga na nagtataray na siya pero hindi niya napigilan ang sarili. Mayabang ang hudas na kaharap!

“In case, hindi mo na-realize, sabay tayo sa flight na ito. Sabay din tayong sasalubungin ng mga Korean hosts sa Seoul. Ano ang sasabihin ko sa kanila kung bakit hindi kita kasama doon? Ayokong magkaroon sila ng bad impression sa ating mga Filipino.” Seryoso

ang boses ni Javi kaya medyo nahimasmasan si Millenn.

Biglang bumaba ang boses niya. “Na-traffic kasi ako. Umikot pa ’yung taxi na sinasakyan ko.”

“Kapag ganitong importante ang lakad, hindi ka dapat nakadepende sa maluwag na daan. You should always anticipate na ma-traffic kaya dapat mas maaga kang umalis sa inyo.”

“Pasensya na.” Gusto na niyang magdabog dahil nasermunan ng lalaki pero nagpigil siya. May punto naman si Javi. Pero di niya lang matanggap na pinangungunahan siya nito. At hindi pa man sila nakakaalis ng Pilipinas, feeling leader na ang lalaki.

Pakiramdam tuloy ni Millenn, may kasama siyang guwardiya sibil sa biyahe!

Limang oras din halos ang biyahe mula Pilipinas hanggang South Korea. Inis si Millenn sa eroplanong nasakyan dahil walang sariling TV sa harap ng upuan. Mabuti na lang at may lamang mga pelikula ang kanyang *iPod*, at least may napanood siya at hindi na-bore. Pasalamat din siya at hindi sila magkatabi ni Javi. Baka nakarinig na naman siya ng kung anong sermon at ayaw niyang maging kriminal! Hindi niya

lang talaga maintindihan kung bakit tila pinaglihi sa regla ang lalaki—laging mainit ang ulo!

Madilim na nang sapitin nila ang *Incheon International Airport*. Paglabas nila ng eroplano ay agad naglakad nang mabilis si Javi, animo may hinahabol. Pilit namang sinusundan ng dalaga ang lakad ng kasama pero hinihinal siya sa laki ng bawat hakbang nito. Bago sila makarating sa Immigration area ay halos lumuwa na ang dila niya sa pagod. Imbyerna na talaga siya sa lalaki. Nawalan siya ng poise!

“Ang bilis-bilis mo namang maglakad, para kang hinahabol ng isang batalyong rebelde!” angal ni Millenn nang maabutan niya itong kampanheng nakapila sa Immigration.

“Normal lang ang lakad kong iyon. Hindi ko naman sinabi sa ’yong sabayan mo ako.” Seryoso ang boses ni Javi, parang nangangaral, kaya isang irap ang isinukli niya rito.

Matapos ma-clear ang kanilang papeles ay agad na silang sinalubong ng kanilang Korean hosts at iginiya sa isang malaking van na naghihintay. Pinili ni Millenn na umupo sa pinakalikod para hindi niya makatabi si Javi. Ngayon pa lang, allergic na siya sa lalaki!

Inabot din ng isang oras ang biyahe mula sa *Incheon Airport* hanggang sa mismong siyudad ng Seoul. Maningning ang paligid, buhay na buhay. Nakikita ni Millenn sa daan ang mga babaeng naglalakad at puro fashionista. Feeling tuloy ng dalaga ay nasa isang malaking set siya ng isang Koreanovela. Very K-Pop na ang paligid niya!

Pagdating nila sa *Hotel Riviera* ay agad silang sinalubong ng ilang staff. May welcome drinks at binigyan pa siya ng roses ng manager. Kahit papaano ay nakaramdam ng tuwa si Millenn. Not bad for her first day in South Korea!

Akala ng dalaga ay nananaginip lang siya. Pero nang lalong lumakas ang mga katok ay sigurado na si Millenn na kelangan na niyang magmulat ng mata. Sa loob ng ilang segundo ay tila na-disorient pa siya nang magising sa isang magandang kuwarto—malambot ang kama, carpeted, may TV at ref, may couch at malalaki ang kurtina sa kanang bahagi ng kuwarto. Pagkatapos, naalala niyang nasa Seoul, Korea na nga pala siya. Ibig sabihin, hindi niya kelangang bumangon para pumasok sa trabaho.

Saglit lang ang naramdaman niyang saya dahil sunud-sunod na katok na naman ang kanyang

narinig. May tao sa labas ng kuwarto niya!

Dali-dali siyang bumangon at binuksan ang pinto. Huli na nang maisip niyang naka-shorts lang siya at sandong manipis!

“S’abi na nga ba at hindi ka pa nakabihis,” bungad ni Javi. Ang aga-aga pero nakakunot na ang noo nito. Pero nang mapatingin sa suot niya ay tila natigilan ang lalaki.

“Kagigising ko lang!” Mabilis siyang tumalikod para hagilapin ang bathrobe. Nag-init bigla ang pisngi ni Millenn sa hiya dahil bukod sa halos bilad ang katawan niya, magulo pa ang kanyang buhok at ni hindi pa siya nakakapanghilamos o mumog man lang!

Shit. Nakakahiya! Pero ano ang magagawa niya? Nasa harap na niya ang lalaking saksakan ng sungit at tila gusto nitong sermon ang ipaalmusal sa kanya.

“Hindi mo ba narinig ang sinabi ni Mr. Sung kagabi? May welcome breakfast ngayong umaga para sa mga delegates and guests ng event.”

“Eh, di ba alas siyete pa ’yun?” Nasa tapat uli siya ng pinto. Naisip niyang daig pa ni Javi ang isang mabagsik na diktador kung magsalita sa kanya. Malapit na siyang mapuno!

“We can’t be late. I don’t want to give them the impression na totoo ang sinasabi nilang Filipino Time.”

“Don’t worry, kaya kong mag-ayos sa loob ng twenty minutes.” Bago pa ito nakasagot ay mabilis nang naisara ni Millenn ang pinto.

Nakita niyang 6:40 a.m. na pala.

Mabuti na lang pala at ginising ako ni Hitler! Saka lang napangiti ang dalaga. Dali-dali na siyang nag-shower.

This is turning into an interesting trip after all.

Mabilis naman talaga siyang mag-shower. In five minutes flat ay tapos na siya. Ang nagpapatagal lang naman lagi sa kanya ay ang kanyang buhok. But then again, may blower naman kaya mabilis na niyang nasolusyunan iyon. In a snap, nakabihis na siya at nakapag-makeup, kaya nakarating siya sa breakfast area nang eksaktong alas siete.

Hindi nakaligtas kay Millenn ang madilim na ekspresyon ng mukha ni Javi nang umupo siya sa harap nito. No choice siya kundi mag-join sa table ng binata. Hindi pa naman kasi niya kilala ang mga tao sa paligid. Pero kahit magkasama sa iisang mesa ay tahimik lang silang dalawa. Ni ayaw tumingin ni

Millenn sa direksyon ng lalaki.

Natapos naman nang matiwasay ang breakfast. Naipakilala ang mga delegates at mga guests, kabilang na silang dalawa. May ibinigay na itinerary ang organizers pero hindi raw nila kailangang sundin iyon. Ibig sabihin, free silang mamasyal at maglibot sa South Korea. Pero kailangang naka-log kung saan sila pupunta para alam naman daw ng staff kung saan sila hahanapin if ever.

Bago natapos ang araw ay alam na ni Millenn kung saan ang pinakamalaking underground mall sa Seoul, sa *COEX Mall* na ilang kanto lang ang layo mula sa tinitirhan nilang hotel. In fact, kaya iyong lakarin! Siyempre namasyal na siya agad doon, pero mag-isa lang siya dahil hindi na niya niyaya si Javi. Hindi rin naman niya alam kung nasaan ito—which was a good thing dahil ayaw din naman niyang kasama ang lalaki.

Mabuti nga kung di magkrus ang landas namin para hindi ako magka-wrinkles!

Pero hindi yata malakas sa tadhana si Millenn dahil pagtingin niya sa labas ng *Starbucks* kung saan siya nagkakape matapos mamili ng mga bagong makeup, nakita niya si Javi na naglalakad kasama ang ilang babae na alam niyang guests din sa *Hotel*

Riviera. Masaya pang nakikipagtawanan ang lalaki. Na-recognize niya ang dalawa sa kasama nito na taga-Venezuela at isang taga-Brazil.

Hindi siya nakita ni Javi pero siya, kitang-kita niya kung papaano hawakan ng lalaki ang atensyon ng mga kasamang babae. Nakangiti ito at maamo ang mukha, walang bakas ni katiting na kasungitan kaya naman tila aliw na aliw ang mga Latina beauties sa kung anumang sinasabi sa kanila ng binata.

For some strange reason, nakaramdam ng inis si Millenn. Bad trip siya lalo na at mukhang enjoy si Javi kasama ang mga bagong kaibigan. Samantalang heto siya't mag-isang nagkakape! Mabuti sana kung may cutie and hottie siyang kasama, pero wala! Mukhang hanggang sa Korea ay sinusundan siya ng malas.

No, I refuse to be unhappy. Hindi porke mag-isa at single ay malungkot na! Muli siyang napasulyap kina Javi na nakatayo sa isang ice cream stall at nagtatawanan pa.

Hindi lang ikaw ang puwedeng maging magsaya! Mas sociable naman ako kesa sa 'yo! Nag-mental note ang dalaga sa sarili. Dapat mas dumami ang kaibigan niya sa Korea kaysa sa lalaking ubod ng sungit. Bago naubos ang hawak na kape ay nakabuo na ng plano si Millenn. Napangiti siya.

3

Alas seis pa lang ng umaga ay bihis na siya at naglalakad sa vicinity ng *Hotel Riviera*. October pa lang pero napakalamig na ng temperature sa Seoul. Pero wala siyang pakialam kung mistulang freezer ang paligid, kailangang masanay siyang maglakad tuwing umaga para makundisyon ang kanyang katawan. Naisip niya ang mga Latina beauties na kasama ni Javi kahapon at gusto niyang mainggit dahil ang papayat ng mga iyon. Mukhang hindi marunong kumain!

Pero ayaw naman ni Millenn na gutumin ang sarili. Mahilig siyang mag-food trip. Mas matitiis niyang maglakad nang dalawang oras kesa i-deprive ang sarili sa pagkain.

After thirty minutes ay bumalik na siya ng hotel nang hinihinal.

“Ang aga mo yata?”

Nagulat si Millenn nang may magsalita mula sa kanyang likuran.

Palabas ng kuwarto si Javi at nakita siya. Bagong paligo ito, preskong-presko at in fairness ay

napakaguwapo sa suot nitong blue jeans, white shirt na eksakto lang sa katawan at itim na *Chuck Taylor* na sapatos. Nagulat pa si Millenn dahil for the first time ay ngumiti sa kanya ang binata.

“Nag-jogging ako,” sagot niya. Hindi na niya inamin na konti pa lang ang nalalakad niya ay halos lumuwa na ang dila niya sa pagod kaya agad na bumalik sa hotel.

At least, nag-try ako, sa loob-loob niya.

“You jog pala? Sana sinabi mo sa akin para sumabay ako.” Nakalapit na sa kanya si Javi kaya biglang na-conscious si Millenn.

“Hindi ko ugaling mangatok ng tao kapag tulog,” bigla niyang sabi. Gusto sana niyang bawiin ang sinabi, but it was too late. Nakita niyang nawala na ang ngiti ni Javi.

“At hindi ko din ugali na tanghaling gumising kapag may appointment.” Iyon lang at lumakad na ito patungong elevator.

Bubulong-bulong na nagtungo na rin ng kuwarto si Millenn para magpalit. Gusto niyang makapag-breakfast kasama ang ibang delegates.

Pagdating niya sa coffee shop ng *Hotel Riviera*

kung saan nakahain ang breakfast, agad niyang nakita si Javi na kasama na naman ang mga delegates na taga-Latin America.

“Cradle snatcher ka?” Hindi na siya nakapagpigil mag-comment nang makasabay ang lalaki sa may gilid ng buffet table.

“Ano’ng pinagsasabi mo diyan?” inosenteng tanong ni Javi. Gusto itong kutusan ng dalaga!

“Panay bagets ang kasama mo, ah. Baka kung ano ang isipin ng iba.”

“Ang dumi ng utak mo. Mga college students na ang mga ’yan. Lampas beinte años na!” agad na sagot ng lalaki. “Saka, bakit mo ba ako binabantayan?”

“Hindi kita binabantayan!” Biglang namula ang pisngi ni Millenn dahil nasupalpal siya ng kausap. Lalo tuloy siyang nainis. “Saka sino ka para bantayan ko?”

“Yun na nga, eh. Walang pakialamanan!” Ngumisi ito. “Kanya-kanyang trip!”

“Eh di, ’wag na tayong mag-usap!” Isang bonggang irap ang ibinigay ni Millenn kesehodang mabali ang leeg niya. Padabog siyang bumalik sa table. Mayamaya lang ay may lumapit sa kanya para

maki-share ng mesa. Si Temi iyon, isang reporter na taga-Nigeria.

Gusto nang umiyak ni Millenn sa inis. Feeling niya ang unfair ng mundo. Bakit kay Javi panay artistahin ang lumalapit? Bakit sa kanya, mukhang maton?

Maagang natapos ang activities ng mga delegates nang araw na iyon. So far ay mahigit forty university students mula sa iba't bansa ang kalahok sa naturang prestihiyosong beauty pageant, kasama na ang Pilipinas. Proud naman si Millenn dahil may Pinay na kasali sa *World Miss University*, pero hindi din niya nakakausap ang naturang delegate dahil laging busy ang mga bagets. Pero nang araw na iyon ay binigyan ng oras ang lahat para makapag-ikot at makapag-shopping.

Nalaman ni Millenn mula sa mga nakaka-chika niyang staff ng hotel na may isang area sa Seoul na masarap tambayan, ang Itaewon area dahil very western daw iyon. Ilang araw pa lang siya sa hotel pero nami-miss na niya ang pagkaing Pinoy at mga pagkaing nakasanayan. Gusto niya ng burger, salad, fries, milk shake and more importantly, gusto niya ng kakaibang ambiance naman.

And so, bitbit ang kanyang maliit na bag at mababasang libro, pumara siya ng taxi at nagpahatid sa may Itaewon Station.

Malapit lang naman ang Itaewon mula sa *Hotel Riviera* kung tutuusin. Para lang siyang nag-travel from Cubao to Makati. Agad na tumambad sa kanya ang *McDonald's*, *Pizza Hut* at iba pang pamilyar na restaurants.

I am home! Napangiti si Millenn habang naglalakad papasok ng *McDonald's*. Bigla siyang nanabik kumain ng *Big Mac*.

Matapos namnamin ang malaking burger at fries, nagpasya ang dalaga na maglakad-lakad. Marami siyang nasasalubong na Amerikano at hindi iyon nakakapagtaka dahil nasa kabilang bahagi lang ng Itaewon ang Yong-san Garrison kung saan naroroon ang isang U.S. military base.

Sana makakilala man lang ako ng guwapong sundalong Amerikano, dasal ni Millenn habang naiisip si Josh Hartnett sa *Pearl Harbor* at si Josh Duhamel sa *Transformers*. Parehong gumanap na American soldiers ang dalawang *Hollywood* actors.

Alam niyang para na siyang desperada sa naisip pero gusto lang niyang maging exciting naman ang

life niya. Saka nasa ibang bansa siya ngayon, nag-iisa, dalaga. Siguro naman ay entitled siyang maging adventurous!

Nang mapagod sa kapapamasyal at kabibili ng kung anu-ano, ipinasya ni Millenn na pumasok sa *Starbucks*. Suwerte siya at bakante ang mesa na nasa tabi ng glass window na very convenient kasi makikita niya ang mga dumadaan. Itinabi niya ang mga pinamili at doon na pumwesto. Nag-e-enjoy na siya sa kanyang people-watching activity habang umiinom ng White Chocolate Frappuccino nang may marinig siyang nag-“Excuse me”.

Walang anuman na nag-angat ng tingin ang dalaga dahil akala niya ay kung sino lang ang nagpapasintabi. Akala nga niya ay staff ng *Starbucks* na gustong magligpit ng table.

“Hi! Would you mind if I share the table with you?” Napatanga si Millenn habang nakatingin sa nagsalita. Feeling niya ay namamalikmata siya. Artista ba ang kanyang kaharap?

Matangkad, nasa 6’1” yata ang height, maganda ang pangangatawan at naka-*U.S. Army* fatigue uniform ang nagsalita. Dark brown ang buhok, mahahaba ang pilikmata, mapanukso ang labi at maamo ang mukha. Higit sa lahat, blue ang mata!

Totoo ba ito? Pumikit muna si Millenn saka nagdilal. Naroroon pa rin ang lalaki at nakangiti sa kanya. *Shit, totoo nga.*

“Are you okay?” narinig niyang tanong ng lalaki. “I’m sorry if I disturbed you...”

“Yes. No! I mean, I’m okay.” Natataranta ang bawat ugat sa katawan ni Millenn.

Oo nga at nagdasal siya na sana ay may makilala siyang artistahing sundalong Amerikano, pero hindi naman niya akalaing agad-agad! Ni hindi man lang siya nakapag-makeup o nakapag-ayos man lang!

“Are you sure it’s alright?” May hawak na tray ang Amerikano, kape at isang slice ng chocolate cake ang laman.

“It’s alright. Please have a seat.” Hindi na alam ni Millenn kung saan titingin.

All of a sudden ay nagsisi siya sa kanyang outfit of the day. Gray jazz pants, white tshirt na pinatungan ng sweat jacket at *Nike* running shoes lang ang suot niya. Kung alam lang niyang may makikilala siyang guwapo, sana ay nag-jeans siya, nag-blouse na plunging neckline at saka boots. Paano nga naman siya magkaka-lovelife kung mukha lang siyang galing sa gym o di kaya ay maggo-grocery?

“You’re not Korean, are you?” narinig niyang tanong ng lalaki nang makaupo.

“N-no, I’m not. I’m from the Philippines.” Biglang na-conscious si Millenn habang tinitingnan siya ng kausap. Hindi pa rin siya makapaniwala na may kaharap siyang mala-*Hollywood* star! Para itong batang version ni Ryan Philippe na ex-husband ni Reese Witherspoon.

“Oh, I see. By the way, my name is Dale Parker.” Inilahad nito ang kanang kamay na tinanggap naman ng dalaga.

“Millenn.” Naramdaman niya na bahagyang pinisil ng lalaki ang palad niya kaya lalo siyang natensyon! Halos limang segundo ring nagkaroon ng awkward silence sa pagitan nila.

Si Dale ang unang nagsalita. “So, Millenn from the Philippines... do you work here?”

“No, I’m just visiting,” sagot niya. “Actually... it’s part of my work.”

“Really? That’s cool. And what do you do?”

“I’m a....” Naalala ni Millenn ang sinabi sa kanya ni Sasha, na intimidating para sa ibang lalaki kapag achiever ang babae, pero wala naman siyang ibang

maisip isagot. *Wrestler? Construction worker? Hostess?* Nakatingin si Dale at naghihintay sa sasabihin niya. *Bahala na.* “I’m a writer and a fashion editor.”

“Wow! That’s awesome.” Nasa mukha ni Dale ang paghanga. Hindi tuloy napigilan ni Millenn na mag-blush, bagay na napansin ng kaharap. “Hey, you’re blushing.”

“No! It’s just that.... it’s hot,” sabay nagpaypay ng kamay si Millenn saka natawa para lang pagtakpan ang walang humpay na pagkabog ng kanyang dibdib.

“So... you’re with the *U.S. Army?*” Wala na siyang maisip na itanong.

Tumango si Dale. “Yes, Ma’am. ’Been here for five months.”

“How long is your assignment?”

“Two years. So I still have nineteen months here in South Korea.”

“Oh. That... long.”

“Yeah... and you?”

“I have fifteen days... more or less.”

“I like the ‘more’ part in your sentence,” ani Dale. “It gives me more time to get to know you better... if

that's okay with you.”

Napangiti si Millenn sa sinabi ng kausap, sabay pasimpleng inayos ang buhok paipit sa likod ng tainga. Naisip niya, kung kasama lang niya si Sasha, baka kanina pa tumili ang bading! Mukhang magkakatotoo pa yata ang sinabi ng kaibigan, na baka sa Korea niya matagpuan ang hinihintay na love life!

Oh, my God. Lalong lumakas ang kabog ng dibdib ng dalaga. I love Korea!

4

“Hello, Javi!” bati ni Millenn sa lalaki nang magkasabay silang pumasok sa cafe ng *Hotel Riviera*. Apat na araw rin silang hindi nagkita.

“Hi.” As usual ay tipid na bati lamang ang ibinigay nito sa kanya. Mas magiliw itong nag-wave sa mga delegates na nasa isang table. “Hi, girls, good morning!”

“Hello, Javi!” halos sabay-sabay na bati ng mga babae.

Automatic na tumaas ang kilay ni Millenn pero hindi na siya affected sa kakaibang treatment ni Javi sa kanya. So what kung mas gusto nitong makasama ang mga taga-Latin America kaysa sa kanya? Wala siyang pakialam kasi masaya na siya. At kiber niya kung si Javi man ang itanghal na Sungit King sa buong mundo.

“Sasama ka ba sa service ng hotel mamaya papunta sa Olympic Stadium or magta-taxi ka?” Nagulat pa siya nang biglang magtanong sa kanya ni Javi. Nasa likuran pa pala niya ito at kukuha rin ng orange juice. “Remember, may pictorial doon ang mga

candidates? Iku-cover ba ng magazine n'yo 'yun?"

"Of course. Kailangan kong magsulat ng article about the Olympic Stadium and mas maganda kung may mga pictures ng mga candidates d'un."

"So sasabay ka sa van?" tanong uli ni Javi.

Umiling siya. "Sasamahan daw ako ni Dale." Nagtungo na si Millenn sa isang bakanteng table. Sumunod si Javi.

"Sinong Dale?" Kunot ang noo ng lalaki nang umupo sa tapat niya. Nagsimula na itong kumain habang nakikipag-usap. "May kasama ba tayong Dale ang pangalan?"

"Hindi siya kasama sa nag-co-cover ng event." Napangiti ang dalaga. Hindi niya alam pero natutuwa siya tuwing naiisip niya si Dale. Lalo pa kung paano sila nagkakilala, para lang pelikula! Kinikilig tuloy siya!

"Kasama sa organizing committee?" Nasa mukha pa rin ng kausap ang pagtataka.

"Ano ka ba, hindi siya Koreano!" Napahagikhik na si Millenn, bagay na tila ikinainis na ng kausap. "Nakilala ko noong isang araw."

"Intsik? Teka... 'yung reporter na mukhang

boksingero? 'Yung taga-Nigeria?"

"Hindi, 'no! *U.S. Army* si Dale." Kinikilig na naman ang dalaga.

"Sundalo?" Nagkrus yata ang mga kilay ni Javi.

"Yes, at ang guwapu-guwapo, parang *Hollywood star!*" Hindi na niya napigilan ang excitement.

"You're flirting with an American soldier? 'Yung mga naka-assign dito sa Seoul?" Tila hindi makapaniwala ang kausap habang nakatingin sa kanya, puno ng akusasyon ang mga mata nito, na para bang mortal sin ang ginawa niya.

"Hindi ako flirt, 'no! How dare you!" Nasaktan si Millenn sa sinabi ni Javi. Nawalan tuloy siya ng gana sa pagkain.

Oo nga at dalawang beses na silang lumalabas ni Dale kahit bagong kakilala lang niya ito, eh, ano naman? Those were harmless dates. The other day ay sa *COEX Mall* lang naman sila namasyal at nag-coffee. Then, last night ay nag-dinner sila sa *Twin Palace* kung saan umano madalas si Dale dahil Western food ang naroroon. Ano naman ang masama doon? Dalaga naman siya at binata si Dale. Naisip pa ni Millenn na kung tutuusin ay wala nang pakialam si Javi sa kanya dahil hindi naman sila magkaibigan. Nagkataon lang

na magkasama silang bumiyahe mula sa Pilipinas.

“Well, whatever you do, just make sure na hindi mapapahiya ang Pilipinas sa mga asal mo. I hate it when people say bad things about my countrymen,” narinig niyang sabi uli ni Javi.

“Hindi ako pakawala, okay? And stop looking at me na para bang nandidiri ka sa akin!”

“Wala akong sinasabing gan’un.” Kalmadong ipinagpatuloy ng lalaki ang breakfast.

“Gan’un na din ang tono mo!” Gusto nang maiyak ni Millenn. Kanina lang ay masaya siya. Somehow ay nagawa ni Javi na sirain ang kanyang umaga. Pero hindi siya iiyak, hindi sa harap ng hinayupak na ito. Ayaw naman niyang magmukhang kawawa sa harap ng lalaki! “Negative na agad ang reaction mo porke’t may nakilala akong Amerikano dito.”

“Alam mo na ngang iba ang tingin ng mga foreigners sa mga babaeng nakikipag-date sa mga sundalong puti, di ba?”

“At kelan ka pa naging conservative? Ano naman ang pakialam ko sa iniisip ng iba? Eh, ikaw nga itong nangunguna sa pagiging judgmental!”

“Hindi ako judgmental. Sinasabi ko lang ang

alam ko.”

“Puwes, hindi ko kelangan ang opinyon mo!” Tumayo na si Millenn. Bakit pa nga ba siya magtitiis makipag-usap kay Javi gayung wala namang patutunguhan ang usapan nila?

“Suit yourself.”

“Talaga! I hate you!” Iyon lang at padabog na umalis ang dalaga.

Wala na rin siyang pakialam kung pagtinginan man siya ng iba. She vowed to never talk to Javi again! *Sumpa man!*

“Are you okay?” Humalik si Dale sa pisngi ni Millenn nang dumating ito, sabay abot ng isang pumpon ng bulaklak. Nakatingin ang lalaki sa kanya—marahil ay nakita agad nito ang namumula niyang mga mata. “What happened?”

“Nothing. I’m alright.” Pilit niyang pinasigla ang boses at ngumiti kahit sa totoo lang ay apektado pa rin siya sa katatapos lang nilang word war ni Javi. Mabuti na lang at umalis na ang herodes kanina bago dumating si Dale. “Just a little tired but I’m fine, really.”

“Are you sure?” Hinawakan pa nito ang leeg niya para tingnan kung may lagnat siya. “We don’t have to go if you’re sick.”

“I’m not sick.” Na-touch siya sa ipinakitang concern sa kanya ng binatang sundalo.

Diyos ko, mahal ko na yata ito! Paano naman kasi, sweet si Dale at kung tratuhin siya ay parang reyna. Kulang na lang ay latagan siya nito ng red carpet kapag magkasama sila.

I know it’s too early for me to think about love. But then again, may time frame ba ang pag-ibig?

“Okay, let’s go then.” Hinawakan ni Dale ang kanyang kamay at inalalayan siya hanggang sa makasakay siya sa dala nitong SUV.

Lihim na nagpasalamat si Millenn dahil may service si Dale na ginagamit doon sa Seoul. U.S. Government vehicle iyon. At kahit ilang buwan pa lang sa Korea ay gamay na nito ang pasikut-sikot at kampante itong nakakapag-drive. Di kagaya sa ibang foreigners at turista na nagta-taxi na lamang. Ilang sandali pa ay nasa loob na sila ng *Olympic Stadium* kung saan ginanap ang *Seoul Olympics* noong 1988. Well-maintained ang naturang lugar na isa sa mga tourist attractions ng Korea.

Agad na naispatan ni Millenn si Javi na kasama na naman ang mga Latina beauties. Kahit naiinis pa rin siya sa lalaki, hindi na niya ito inirapan nang mapatingin sa kanya katulad ng nauna niyang plano. Instead, tila nagmamalaki pa siyang kumapit sa braso ni Dale habang naglalakad sila.

Mayamaya pa ay nakalimutan na ni Millenn na nasa paligid lamang si Javi. Nawili siya sa pagkuha ng pictures at na-focus ang atensyon niya kay Dale na panay rin ang kuha sa kanya ng picture. Pakiramdam niya ay nasa high school uli siya na kilig na kilig habang kausap ang crush. Ang kaibahan lang, mas malaya siyang nakakapag-express ngayon ng nararamdaman dahil puwede niyang hawakan ang kamay ni Dale. Ang binata naman ay malayang nakakapag-akbay sa kanya at minsan ay hinahapit pa ang baywang niya upang magkalapit sila.

Oo nga at hindi pa nila kilala nang lubusan ang isa't isa pero ramdam naman ni Millenn na sincere si Dale sa ipinakitang pagkagiliw sa kanya. Ipokrita naman siya kapag nagpa-hard to get pa siya, eh, obvious din namang gusto niya ito.

Pagkatapos ng activity sa *Olympic Stadium* ay bumalik na ang karamihan sa mga delegates sa *Hotel*

Riviera. Niyaya ni Millenn si Dale na mag-snack sa coffee shop sa lobby. Pinaunlakan naman siya nito.

“I won’t be seeing you tomorrow because I’ll be on a 24-hour shift,” anito nang makaupo.

“Does that mean you won’t sleep for twenty-four hours?” Umupo siya sa tabi ni Dale at tumawag ng waiter.

“No, silly,” natatawang pinisil ng binata ang kanyang ilong, saka siya hinila palapit. Inakbayan siya nito. “It means I can’t go out of the military base for twenty-four hours because I have to be either in the office or in my quarters. You know, on call.”

Nasa ganoon silang sitwasyon nang pumasok ang isang grupo ng mga delegates, kasama si Javi. Agad nitong nakita na sweet ang posisyon nina Millenn at Dale, pero deadma ito. Parang walang anuman na umupo ito sa di-kalayuan, katabi ni Miss Brazil.

“You know it’s amazing how they manage to walk with their five-inch sandals,” komento ng katabi na nakatingin din pala sa mga bagong dating. “These girls are amazing.”

“It’s easy. You just have to get used to it. It’s not rocket science, you know.”

Binalingan siya ng kasama. “Do you get to wear any of those, too?”

“Of course... I have several pairs. I use it when I go to events and formal gatherings.”

“You mean like black-tie dinners?” Tumango si Millenn. “I go to those, too,” excited na pahayag ni Dale. Ipinaliwanag pa nito na bilang isang member ng *U.S. Army*, may mga events din silang pinupuntahan kung saan puro mga foreign dignitaries ang kasama nila.

“I go to parties because of my work, too.”

“Well, why don’t you and I go to a special dinner this weekend? I’ll wear my tie, you wear your dress. That way, I’ll see you walking in high heels.” Kumindat pa si Dale. “What do you think?”

“Of course I’d love to!” Tumatakbo na ang utak ni Millenn; gusto na niyang mag-shopping at magpaganda para mas lalong ma-impress sa kanya ang binata.

I need a black dress! May mga dala naman siyang damit pero gusto niya iyong espesyal talaga. Naisip niyang kung magpapaganda na rin lang siya, dapat todo na. Bibili rin siya ng sapatos at bagong purse. *Exciting ito!*

“And maybe we could also go somewhere private afterwards?” Inakbayan siya ng kasama habang naghihintay ng kanilang order.

“P-private?” Napalunok si Millenn. Kahit hindi mag-elaborate si Dale, gets na niya kung ano ang gusto nitong mangyari.

OH. MY. GOD. Gusto nang tumili ni Millenn!
Ganito ba talaga sila makipag-date? Ano ang sasabihin niya? A part of her wanted to say ‘yes’ immediately. Pero may isang bahagi ng utak niya ang alam niyang nagsa-sign of the cross nang mga oras na iyon.

“Hey, I don’t want to force you to do anything.” Nahulaan yata ni Dale na naggigiya na ang utak at puso niya. “I’m sorry. I guess I just wanted to spend more time with you, you know.”

Sasagot na sana si Millen pero na-distract siya nang magtawanan nang malakas ang mga nasa kabilang table. Nakita niyang may ibinulong si Javi sa katabi nito. Napatili naman ang babae, akala mo ay kinurot sa singit. Napaismid siya at binalingan ang ka-date.

“We’ll see, okay?” aniya.

Sa tuwa ni Dale ay bigla siya nitong hinalikan sa labi. Automatic na napapikit si Millenn. Pagmulat

My Heart And Seoul - mydearwriter

niya ay nakangiti sa kanya si Dale, at nakita rin niyang nakatingin sa kanya si Javi. Kung nakakamatay lang ang masamang tingin, baka bumulagta na siyang walang buhay right there and then!

Inggit ka lang. Inirapan niya si Javi.